

forum on Urban Land Reform. Diwata invited Nanay to join her in sessions among other women from other poor communities that unraveled lives of women and told tales of their struggles and empowerment. After several "sisterhood-bonding" sessions, Nanay began to discover the name of the problem.

Taking back news of what she learned to her community, she was able to attract a number of women to join her in Diwata sessions. The changes she saw in herself and in these women convinced her that her search for other women to stand beside her in leading the organization was over. They formed their own support group in the community. Several months later, the core group for a community organization that would build and develop their community was established. They named their organization *Walang Takot, Inc.* (No Fear, Inc.), not because they had no fear but because they knew they *had* fear. They knew that by accepting this, they could begin to live with fear, confront and overcome it. They knew men had fear too, but were able to get rid of it. Now, they felt power and knew they had power.

This not so made-up tale is not ended but it is known. And in knowing, one gains power — the power to be and the power to act.



ABOUT THE AUTHOR



MAUREEN C. PAGADUAN is an Associate Professor at the CSWCD. She teaches graduate and undergraduate courses in community development and in women and development with specialization in community and women's organizing, development theories, popular education, participatory research, process documentation, project development and management, evaluation and monitoring, gender theories, gender planning, and fieldwork supervision.

Prof. Pagaduan was Chairperson of the Department of Community Development, coordinator of the Women and Development Program and coordinator of the Office of Continuing Education of the College. She obtained a Masters Degree in Development Studies from the Institute of Social Studies, The Hague, Netherlands. She is engaged in acquiring her Doctorate in UP-Diliman. Currently, she is director of the CSWCD Research and Extension for Development Office.



MGA BATANG HURNAL
ISANG SANAYSAY HINGGIL SA MGA
BATANG MANGGAGAWA SA HACIENDA NG ORMOC

Aleli Bawagan

*"Batang-bata ka pa at marami ka pang kailangang malaman at
intindihin sa mundo, yan ang totoo..."*

- Apo Hiking Society

Masdan ang mga bahagi ng buhay na ito. Sa mga hacienda ng tubuhan dito sa Ormoc, Leyte, laging makikita ang mga batang babae at lalaking may edad 8-10. Narito sila hindi upang maglaro, kundi upang maghanap-buhay. Magbanat ng buto mula alas-8 ng umaga hanggang alas-5 ng hapon. Maaaring ito ay nasa pagtanim ng tubo, o pagbubuhay ng tubo mula sa bukid patungo sa trak na magdadala nito sa sentral upang gawing asukal. Lunes hanggang Biyernes ang trabaho. Pagdating ng Sabado ng umaga, kasabay sila ng kanilang mga magulang, mga nakatatandang kapatid at iba pang mga kapitbahay na sasakay sa malalaking trak at tutungo sa siyudad ng Ormoc upang kunin ang kanilang suweldo. Limampung piso ang kanilang natatanggap sa bawat araw ng trabaho. Ganito din ang natatanggap ng mga manggagawa na higit na mas nakatatanda pa sa kanila.


Ano-anong bagay ang nakalulunus sa pagsasalarawan na ito sa Ormoc? Marami: nandiyan ang mga batang manggagawa na gumagawa ng mga mabibigat na trabaho; sobrang mababang pasahod sa parehong bata at matanda. At marami pa rin ang nasa likod ng larawan na ito - ang malaking kita ng hacendero mula sa pawis ng manggagawang bukid; ang pagtetengang-kawali ng pamahalaan sa patuloy na pagsasamantala sa mga kabataan. Maraming usapin ngunit ang nais ko lamang bigyang diin sa salaysay na ito ay ang pagkakaroon ng mga batang manggagawa sa mga hacienda ng tubuhan sa Ormoc at iba pang karatig-bayan sa Leyte.

Kung tawagin sila'y mga "batang hurnal" o batang manggagawa sa hacienda. Hindi na nila nagawang mag-aral dahil sa pangangailangan ng kanilang pamilya ng dagdag na trabahador. Gaano nga



naman ang mararating ng limampung piso kung tanging ang ama lamang ang naghahanap-buhay? Wala na rin silang panahong maglaro, katulad ng mga ibang bata, dahil maaga pa lamang ay nasa bukid na sila. Sa hapon naman ay pagod na ang kanilang mga maliliit na katawan at kailangan pa rin tumulong sa ilang mga gawaing bahay. Makikitang maraming bahagi ng kanilang pag-unlad ang napapabayaang - ang pisikal, emosyonal, kaisipan at ang ispiritwal. Sa kanilang kamusmusan, wala na silang ibang alam kundi ang pagtatrabaho sa hacienda. Sa kanilang kamusmusan ay pagod na sila sa halos sagad-butong pagtatrabaho.

Kung sila ay inyong makakausap habang sila ay nagpapahinga sa tanghali o di kaya sa kanilang mga bahay, mababanggit nila na ang kanilang tanging pangarap ay ang magkaroon ng panahon para mag-aral at makapaglaro. Ngunit gustuhin man nila ay hindi maaari dahil hindi kaya ng kanilang mga magulang ang pagpapaaral sa kanila. Maski sa paaralang publiko ay marami ring gastusin - mga papel, lapis, projects at kung ano-anong bayad na hinihingi ng mga maestra. Kung ganoon nga lamang kaliit ang suweldo, hindi na ito makakasapat para sa pagkain, lalo pa para sa ibang pangangailangan sa bahay at paaralan.



ANG MGA BATANG HURNAL sa mga sandali ng kanilang pahinga mula sa gawain sa hacienda.

Sa mga hacienda ng Ormoc ay mayroong isang grupo ng mga organisador na nakikipamuhay sa mga batang hurnal. Ito ay ang "Exodus of Children from Plantation to Play, Social Integration and Education" o ang ECLIPSE. Dati, ang kanilang pangalan ay Kamalayan Development Foundation o KDF. Bilang mga staff ng KDF, sila ay nagbabantay sa mga ilegal na rekruter na nagdadala

sa mga bata sa Maynila at ipapasok sa mga di kanais-nais na mga gawain. Karaniwan, naglalagi ang mga taga-KDF sa loob ng mga barko o kaya sa mga istasyon ng mga bus para matukoy itong mga iligal na rekruter. Ilang rekruter na rin ang kanilang napahuli pagdating ng mga ito sa Maynila. Gumagawa rin sila ng mga pag-aaral sa mga baryo upang malaman ng mga magulang ang *modus operandi* ng mga ahente at nang hindi na mapalagay sa pahamak ang kani-kanilang mga anak.

Kamakailan lamang, nagbago ng oryentasyon ang KDF-Ormoc. Nakita nila na mahalaga ring bigyan ng panahon ang mga pangangailangan mismo ng mga bata tulad ng kanilang mga pag-aaral at pagbubuo ng samahan. Kung kaya't sa maraming hacienda sa Leyte, nagbuo sila ng may inisyal na bilang na labing siyam (19) na mga Samahan ng mga Batang Manggagawa. Pangunahing layunin ng mga samahang ito ay ang mabigyan ang mga bata ng pagkakataong matuto at mag-aral sa pormal na paaralan at sa iba pang mga "study sessions."

Nung una, sinusuportahan lamang ng ECLIPSE ang pangangailangan ng mga batang hurnal tulad ng mga *school supplies*. Kinailangan din ang suporta ng mga magulang para sa kanilang mga pang-araw-araw na baon o pamasaha. Di nagtagal, sa tulong ng ECLIPSE ay natutunan ng mga bata ang mga kasanayan tulad ng pagsusuri sa kalagayan, pamumuno at pagpapalakas sa samahan, pakikiisa sa iba pang mga samahang pambata, at pakikipag-usap sa mga awtoridad upang maipaglaban ang kanilang karapatan bilang bata at ang karapatan ng kanilang samahan.

Natutunan din nila ang mga aktitud ng sama-samang pagkilos, pag-unawa sa kapwa, pagtutulungan. Nagkaroon sila ng mga proyekto sa kanilang mga samahan tulad ng palaro para sa volleyball, basketball, chess at kung anu-ano pang mga laro na kanilang magustuhan. Bukod sa pag-oorganisa ng mga bata, nagkaroon na rin ng kasabay na pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos sa hanay ng mga magulang upang matugunan ang kanilang mga problemang dulot ng matinding kahirapan.



Sa halos isang taon nang karanasan para sa programang "balik-eskuwela" (1998 - 1999), may isang daan at limampung batang hurnal na natulungang makapag-aral. Gayunpaman, mayroon pa ring ilang magulang na pinipilit lumiban ang kanilang mga anak mula sa eskuwela para magtrabaho maski isa o dalawang araw man lang upang makadagdag sa pangkabuhayan ng pamilya. May ilan din na kusa na lamang huminto dahil hindi talaga kayang masuportahan ng magulang ang gastusin. Ngunit mas marami ang nakapagpatuloy sa kanilang pag-aaral. Sa mga batang nakapagpatuloy sa pag-aaral, makikita ang kakaibang saya na mababakas sa kanilang mga mukha. Kasiyahan dahil sa pagkakataong mabigyang katuparan ang kanilang munting pangarap - ang makapag-aral at makapaglaro. Kasiyahan dahil mayroong nakikitang ibang kinabukasan para sa kanila at sa kanilang iba pang mga kapatid. Kasiyahan dahil nakita nilang mayroon pa palang ibang mundo bukod sa hacienda at sa pagiging batang hurnal.



Mahalaga ring bigyan ng panahon ang mga pangangailangan mismo ng mga bata tulad ng kanilang mga pag-aaral at pagbubuo ng samahan.

Sa kabila ng maraming batang hurnal na natulungan ng

mga organisasyon tulad ng ECLIPSE, patuloy pa rin dapat ang pagtatanong at ang paghahanap ng kasagutan para sa kalagayan ng mga batang manggagawa. Paano pa ang mga karamiham ng bata na nandoon pa rin sa hacienda araw-araw? Ilang ECLIPSE pa ba ang kinakailangan? Wasto at akma ba ang mga estratehiyang ginagamit para matugunan ang problema sa pamayanan? Paano ba malulutas ang suliranin ng batang hurnal, at iba pang manggagawang kabataan na bumibilang ng mahigit tatlong milyon (3M) sa kasalukuyan? Hanggang saan ba ang pananagutan ng mga magulang at mula saan naman kailangan saluhin ng pamahalaan? Bakit napapahintulutan ng ahensya ng gobyerno ang pag-empleyo ng mga batang menor de edad?

Mabibigat na tanong at malalim na pagsusuri ang kailangan. Ngunit alam natin na habang patuloy ang pagiging atrasado sa maraming antas at aspeto ng lipunang Pilipino ay patuloy pa rin ang pagkakaroon ng mga batang manggagawa na pagsasamantalahan at aapihin ng mga panginoong maylupa, malalaking kapitalista at burges-komprador upang higit na kumamkam ng mas malaking yaman. Nararapat lamang na pagtuuunan ng hiwalay na pag-aaral at salaysay ang paksang ito.



ABOUT THE AUTHOR

ALELI B. BAWAGAN holds a Masters Degree in Community Development from the CSWCD, where she is currently Assistant Professor. She has also undergone training in The Program for Development at the Asian Institute of Management.



Prof. Bawagan undertakes extension work as consultant, resource person, program monitor and evaluator. She was a former community organizer, program coordinator, field operations coordinator and executive director of OTRADEV, a non-government organization working with indigenous communities.